

Pangalan: Samsoden Sultan

Level 1 – Batch 2

Paksa ng Khutbah: Ang Pangangalaga sa mga Kababaihan

Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro

Petsa: Hulyo 28, 2024

## Unang Bahagi ng Khutbah:

إِنَّ الْحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنُسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يَضِلَّ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْدُ:

﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تَقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنْتُمْ مُسْلِمُونَ﴾ سورة آل عمران: 102  
“O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim.” (Surah Alo Imran: 102)

Mga alipin ni Allah, katotohanang dumating sa atin ang Islam na nag-uutos ng pangangalaga sa ating mga dangal at karangalan; at kabilang sa ating mga dangal at karangalan ang ating mga kababaihan mula sa ating mga pamilya: ang ating mga ina, kapatid na babae, asawa at mga anak na babae. Kung kaya't nararapat para sa atin bilang mga lalaki na sila ay pangalagaan mula sa anumang mga bagay na makasisira sa kanila. Sapagkat kung sila ay masisira tunay na masisira rin ang ating mga dangal at karangalan.

Ilan sa mga bagay na ipinag-utos ng Islam bilang pangangalaga sa mga kababaihan ay ang mga sumusunod:

### 1. Ang paghingi ng pahintulot bago pumasok sa bahay ng iba.

﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا لَا تَدْخُلُوا بُيُوتًا غَيْرَ بُيُوتِكُمْ حَتَّى تَسْتَأْذِنُوا وَتُسَلِّمُوا عَلَى أَهْلِهَا ذَلِكُمْ خَيْرٌ لَكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ﴾ سورة النور: 27

“O kayong mga sumasampalataya, huwag kayong pumasok sa mga bahay maliban sa inyong sariling mga bahay, hanggang kayo ay hindi nabibigyan ng pahintulot at mabati ang mga naninirahan doon. Iyan ay higit na mainam para sa inyo; upang kayo ay paalalahanan.” (Surah An-Nur: 27)

## **2. Sila ay protektahan sa lahat ng aspeto ng kanilang buhay kabilang na dito ang pisikal at emosyonal na kaayusan.**

Ito ang dahilan kung bakit ipinagbawal na sila ay ilarawan sa ibang mga kalalakihan o maiwang mag-isa sa isang lugar kasama ng ibang kalalakihan. Gayundin naman ang paglalakbay sa malalayong lugar maliban na mayroon siyang kasama mula sa kanyang mga mahram.

## **3. Ang pananatili sa kanilang mga tahanan at huwag lumabas kung hindi kinakailangan.**

Kung kaya ipinagbawal sa kanila na ilantad ang kanilang katawan at mga palamuti sa mata ng ibang tao, at ginawa ang kanilang mga tahanan bilang pinakamainam na lugar ng kanilang pagsamba. At hindi sila dapat gumaya sa mga babaeng hindi mananampalataya na nakadamit subalit parang nakahubad dahil nababakas ang hugis ng katawan na naglalantad ng kanilang kagandahan. Subalit hindi ipinagbawal sa kanila ang pagtungo sa Masjid upang magsagawa ng Salah. Ang Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ay nagsabi,

لَا تَمْنَعُوا نِسَاءَكُمْ الْمَسَاجِدَ وَيُؤْتِهِنَّ خَيْرٌ لَّهُنَّ. (رَوَاهُ أَبُو دَاوُدَ)

“Huwag ninyong pigilan ang inyong mga kababaihan sa pagtungo sa mga Masjid, subalit ang kanilang mga tahanan ay mas mainam para sa kanila.” (Inulat ni Abu Dawud)

## **4. Tustusan ang kanilang mga pangangailangan.**

Isinalaysay ni Muawiyah al-Qushayri sa isang Hadith na may isang babaing nagtanong sa Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam):

قالت: يا رسول الله! ما حق زوج أحدنا عليه؟ قال: "تطعمها إذا أكلت، وتكسوها إذا اكتسيت، ولا تضرب الوجه، ولا تقبح، ولا تهجر إلا في البيت." (رواه أحمد وأبو داود والنسائي وابن ماجه)

Siya ay nagtanong sa Sugo ng Allah (sallallahu ‘alayhi wa sallam), ‘Ano ang karapatan ng isang babae sa kanyang asawa?’ Siya ay sumagot, “Ang kanyang karapatan ay pakainin siya katulad ng pagpapakain sa iyong sarili, bihisan siya katulad ng pamimihis mo sa iyong sarili, huwag mo siyang saktan sa mukha,

huwag gumamit ng masasakit na salita at huwag mong iwanan sa higaan kapalit ng ibang lugar maliban sa tahanan.” (Inulat nina Abu Dawud, Al-Nasa-i, at Ibn Majah)

Mga kapatid sa pananampalataya, nararapat nating ibigay sa ating mga asawang babae ang kanilang karapatan sa sustentong pinansyal kabilang ang pagkain, pananamit, at tirahan ayon sa kung ano ang kaya nating ibigay sa kanila. Responsibilidad ng asawang lalaki na magtrabaho at itaguyod ang kanyang asawa. Obligado sa ating mga kalalakihan na mahalin ang ating mga asawa. Ang mga asawang babae ay hindi dapat saktan sa mukha. Ang pagbabawal sa pananakit lalo na sa mukha ay nagpapakita ng mataas na antas ng respeto at paggalang na dapat ibigay sa asawa. Ang mukha ay simbolo ng dignidad ng isang tao, kaya't ito ay dapat protektahan. Kung may pagtatalo man o hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng mga mag-asawa, ay huwag gumamit ng masasakit na salita o pang-aabuso tulad ng pagmumura, pangungutya, pang-aalipusta o paninisi. Hindi dapat maliitin, hiyain, o pagmalupitan ang asawa sa anumang paraan. Dapat tratuhin siya ng may dignidad at respeto. Tayong mga kalalakihan ang mangunang magpakumbaba, at sapagkat ang mga kababaihan ay may mas malambot na puso ay madali silang kumalma kung dadaanin sa mahinusay na salita, sinserong salita na walang halong poot. Ipakita ang pagmamahal sa ating mga asawa kung gaano tayo nagmamalasakit maging sa oras ng di-pagkakaunawaan at tampuhan.

At huwag na huwag mo siyang iwanan maliban na lamang kung nasa loob ng bahay. Kung sakaling magkaroon ng di-pagkakaunawaan o alitan, hindi dapat iwanan ng lalaki ang kanyang asawa sa paraang magdudulot ng kahihyan o malaking suliranin sa kanya. Ang mga alitan ay dapat ayusin nang pribado, sa loob ng tahanan.

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَاسْتَغْفِرُ اللَّهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ الْمُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ  
الْغَفُورُ الرَّحِيمُ.

## Ikalawang Bahagi ng Khutbah:

الْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِينُ، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللَّهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ، وَبَعْدُ:

Si Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ay nagsabi,

أَكْمَلُ الْمُؤْمِنِينَ إِيمَانًا أَحْسَنُهُمْ خُلُقًا، وَخِيَارُكُمْ خِيَارُكُمْ لِنِسَائِهِمْ. (رواه الترمذي)

“Ang ganap na mananampalataya ay ang may pinakamainam na ugali, at ang pinakamainam sa inyo ay ang pinakamabuti sa kanilang mga asawa.” (Inulat ni At-Tirmidhi)

Ang Hadith na ito ay nagsasaad ng kahalagahan ng mabuting pag-uugali at kung paano ito nauugnay sa pananampalataya ng isang tao. At ang nais nating bigyang pansin dito ay ang “kagandahang-asal” sa pakikitungo at pangangalaga sa ating mga asawang babae. Ito ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pagtrato sa asawa nang may kabutihan at respeto. Ang isang tunay na mabuting Muslim ay yaong nagpapakita ng pagmamahal, paggalang, at pag-aaruga sa kanyang asawa. Ang mabuting pakikitungo sa asawa ay isang tanda ng mataas na moralidad at mabuting pag-uugali ng isang tunay na mananampalatayang Muslim.

Maliban sa ating mga asawa, isang mahalagang babae sa buhay natin na dapat nating pangalagaan - walang iba kundi ang ating mga ina.

Si Abu Hurayrah (radhiyallahu ‘anhu) ay nag-ulat ng Hadith:

جاء رجل إلى رسول الله صلى الله عليه وسلم فقال: يا رسول الله من أحق الناس بحسن صحابتي؟ قال: "أمك" قال: ثم من؟ قال: "أمك" قال: ثم من؟ قال: "أمك" قال: ثم من؟ قال: "أبوك" (أخرجه البخاري ومسلم)

Isang lalaki ang lumapit sa Sugo ni Allah at nagtanong, “O Sugo ni Allah, sino ba ang higit na karapat-dapat kong pakisamahan sa mga tao?” Ang Sugo ni Allah ay sumagot, “Ang iyong ina”. Ang lalaki ay muling nagtanong, “Sino ang sumunod na taong karapat-dapat kong pakisamahan? Ang Sugo ni Allah ay sumagot, “Ang iyong ina”. Ang lalaki ay muling nagtanong sa ikatlong pagkakataon. “Sino ang sumunod?” Ang Sugo ni Allah ay nagsabi, “Ang iyong

ina". At sa ika-apat na pagtatanong, "sino ang sumunod?" Ang Sugo ni Allah ay sumagot, "Ang iyong ama." (Inulat nina Al-Bukhari at Muslim)

Ang Hadith na ito ay nagbibigay kahalagahan ng paggalang, pagmamahal at pangangalaga sa mga magulang, lalo na sa ina. Ang Propeta Muhammad (sallallahu 'alayhi wa sallam) ay tatlong beses na binanggit ang ina bilang sagot sa tanong ng lalaki. Ipinapakita nito ang mataas na antas ng paggalang at pagmamahal na nararapat ibigay sa ina. Ang ina ang nagdadala sa kanyang anak sa sinapupunan nang siyam na buwang paghihirap hanggang sa maipanganak, at nag-aalaga sa kanya sa kanyang paglaki. Ang tatlong ulit na pagbanggit ay nagpapakita ng lawak ng sakripisyo at pagmamahal ng ina na nararapat gantihan ng mabuting pakikitungo at pangangalaga.

عِبَادَ اللَّهِ، إِنَّ اللَّهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيِّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي الْعَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ الْعَفْوَ فَاعْفُ عَنَّا. اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدَيْنَا وَلِعَلَمَانِنَا وَمَشَائِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الْخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ. اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَجَمِيعِ مَوْتَى الْمُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالْوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.

اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الْحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ الْمَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.

اللَّهُمَّ انْصُرْ الْإِسْلَامَ وَالْمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالْمُشْرِكِينَ وَالْمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.

رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الْآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.

وَصَلَّى اللَّهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ. عِبَادَ اللَّهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَى وَيَنْهَى عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنْكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَادْكُرُوا اللَّهَ الْعَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوا عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللَّهِ أَكْبَرُ، وَاللَّهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

\*\*\*